# ANG TUNAY NA RELIHIYON

# الدين الصحيح

باللغة الفلبينية

NI: ABUAMEENAH BILAL PHILIPS

تأليف: أبو أمينة بلال فيليبس



AL-AHSA ISLAMIC CENTER

157

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد
وتوعية الجاليات بالأحساء

# ANG TUNAY NA RELIHIYON

*NI*
ABU AMEENAH BILAL PHILIPS

(C) TANGGAPANG KOOPERATIBA NG BATHA PARA SA PANAWAGAN AT PAMAMATNUBAY, 1995
HARING FAHD AKLATANG PAMBANSA TALAAN NG PAGLILIMBAG
PHILIPS,BILAL,(ABU AMEENA)
ANG TUNAY NA RELIHIYON/ISINALIMBAG NG ISCAG.
"P." cm
ISBN; 9960-798-09-7
1-Islam 2- Aralin sa Islam A-ISCAG(ISINALIMBAG) B-pamagat 214,27 DV 1962/15
Depositong Legal Big: 1962/15
ISBN : 9960-798-09-7

**COOPERATIVE OFFICE FOR CALL AND GUIDANCE IN AL- BATHA**

UNDER THE SUPERVISION OF
MINISTRY OF ISLAMIC AFFAIRS,
ENDOWMENTS, PROPAGATION AND GUIDANCE

PO. BOX:20824 RIYADH.11465
TEL: 00966 -1 - 4030251
4034517
4031587
4030142
FAX:4059387
Lecture hall. Tel + Fax: 00966- 1- 4083405

© All rights reserved for the Office
No part of this book may be used for publication without the written permission of the copyright holder, application for which should be addressed to the office

## ANG TUNAY NA RELIHIYON

Ang unang dapat malaman at lubos na maunawaan ng sinuman tungkol sa Islam ay kung ano mismo ang kahulugan ng katagang Islam. Ang relihiyong Islam ay hindi ipinangalan batay sa pangalan ng tao na kagaya ng Kristianismo na hinango sa pangalan ni Hesus Kristo; Budismo sa pangalan ni Buddha; Konpusianismo sa pangalan ni Confucius at Marsismo sa pangalan ni Karl Marx. Ni hindi ito hinango sa pangalan ng tribo na kagaya ng Judaismo na hinango sa tribo ng Judea; at Hinduismo sa tribo ng Hindus.

Ang Islam ay ang tunay na relihiyon ng Diyos (Allah) at kaya naman ang

pangalan nito ay kumakatawan sa pangunahing panuntunan ng relihiyon ng Diyos (Allah).... ang ganap na pagsuko sa kalooban ng Diyos (Allah). Ang katagang Arabik na "Islam" ay nangangahulugan ng pagsuko o pagpapasakop ng kalooban ng sinuman sa tanging Tunay na Diyos na karapatdapat na sambahin - Allah. At ang sinumang tumutupad nito ay tinatawag na "Muslim". Ang salitang Islam ay nangangahulugan din ng kapayapaan na siyang likas na kahihinatnan ng ganap na pagsuko at pagsunod sa kalooban ng Allah. Kaya naman, ito ay hindi na bagong relihiyon **na dinala ni Propeta Mohammad** (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa Arabia noong ika-pitong daang taon, bagkus ito ay tunay na relihiyon ng

Allah na ipinakilala sa kanyang kabuuang anyo.

Ang Islam ay ang relihiyon na ibinigay kay Adam, ang unang tao at ang unang propeta ng Allah. Ito ay siya ding relihiyon na ibinigay sa lahat ng propeta na isinugo ng Allah sa sangkatauhan. Ang pangalan ng relihiyon ng Diyos, Islam, ay hindi kathang-isip ng mga huling salinlahi ng tao. Ito ay pinili mismo ng Allah at maliwanag na nababanggit sa Kanyang huling kapahayagan sa tao. Sa Huling Banal na Kapahayagan-Ang Kor'an, ang Allah ay nagsasabi ng mga sumusunod:

"Sa araw na ito ay Aking binigyan ng lubos na katuparan ang inyong

relihiyon para sa inyo, Aking ginawang ganap ang tulong sa inyo, at pinili ang Islam bilang inyong relihiyon".

*(Surah Al-Maa'idah 5:3)*

"Sinuman ang magnais ng ibang relihiyon maliban sa Islam (pagsuko sa Allah), kailanman hindi ito tatanggapin sa kanya."

*(Surah Aal'Imraan 3:85)*

"Si Abraham ay hindi Hudyo o Kristiano, bagkus isang matuwid na Muslim"

*(Surah Aal'Imraan 3:67)*

Hindi makikita sa alin mang pahina ng Bibliya na sinasabi ng Allah na Judaismo ang relihiyon ng angkan ni

Moses o maging ang kanilang mga lahi. Ni hindi rin sinasabi sa Bibliya na Kristianismo ang relihiyon ng mga tagasunod ni Kristo. Sa katunayan hindi niya pangalan ang Kristo, ni hindi ito Hesus. Ang pangalang Kristo ay hango sa salitang Griyego na "Cristos" na ang ibig sabihin ay pinahiran ("Annointed"). Kaya ang Kristo ay salin sa Griyego batay sa Hebreo na "Messiah". Ang pangalang "Hesus" sa kabilang dako ay isang salitang Latin ng pangalang Hebreo na Esau.

Upang madaling magkaunawaan, ipagpapatuloy ang paggamit ng pangalang Hesus bilang pangalan ni Esau. Tungkol naman sa kanyang relihiyon, ito ay siyang panawagan niya sa kanyang mga tagasunod. Gaya ng

mga propetang nauna sa kanya, inaanyayahan niya ang tao na isuko ang kanilang sarili sa kalooban ng Allah (ibig sabihin nito ay Islam), at siya ay nagbigay ng babala sa kanila na lumayo sa mga huwad na mga diyos na likhang-isip ng tao.

Ayon sa Bagong Tipan, tinuruan ni Hesus ang kanyang mga tagasunod na magdasal ng ganito: "Sundin ang kalooban Mo dito sa lupa gaya ng sa langit."

## ANG MENSAHE NG ISLAM

Sapagka't ang ganap na pagsuko ng sinuman ng kanyang kalooban sa Allah ay naglalarawan ng pinakabuod na

diwa ng pagsamba, ang pangunahing mensahe ng Islam ay ang pagsamba sa Allah lamang at ang pag-iwas sa pagsamba na iniuukol sa tao, pook o bagay. Sapagka't ang lahat ng bagay maliban sa Allah ay Kanyang mga nilikha, masasabi natin na ang Islam, sa diwa nito, ay naghihikayat sa tao na lumayo sa pagsamba ng ano mang nilikha at inaanyayahan itong sumamba lamang sa kanyang Lumikha.

Siya lamang ang karapat-dapat sa pagsamba ng tao at Siya lamang ang may kaloobang magbigay pahintulot sa katuparan ng lahat ng panalangin. Kung ang tao ay sumasamba sa punongkahoy at ang kanyang mga panalangin ay natupad, hindi ang

punongkahoy ang nagbigay ng katuparan sa kanyang mga panalangin bagkus ang Diyos ang Siyang nagbigay pahintulot upang maganap ang mga bagay na ito. Maaaring sabihin ninuman na "Ito ay maliwanag at siyang tunay", subali't sa mga sumasamba sa punongkahoy ay maaaring hindi ganito ang paniniwala.

Katulad din ng mga panalangin na iniuukol kay Hesus, Buddha, Krishna, St. Jude, St. Christopher o maging kay Mohammad, hindi nila sinasagot ang mga ito, bagkus ang mga ito ay pinangyayari ng Allah.

Hindi sinabi ni Hesus sa kanyang mga tagasunod na sambahin siya, bagkus inutusan silang sumamba

lamang sa Allah. Ang Banal na Kor'an ay nagsasaad:

"At masdan! Ang Allah ay magsasabi: O Hesus anak ni Maria! Sinabi mo ba sa tao, 'Sambahin ako, at ang aking Ina bilang mga diyos bukod sa Allah?' Siya ay magsasabi: 'Purihin Kayo! Kailanman ay hindi ko masasabi ang bagay ng wala akong karapatan (na magsabi)".

*(Surah Al-Maa'idah 5:116)*

Hindi sinamba ni Hesus ang kanyang sarili nang siya ay nag-alay ng pagsamba, bagkus sinasamba niya ang Allah. Ang pangunahing panuntunang ito ay napapaloob sa pambungad na kabanata ng Banal ng Kor'an, ang Al Faatihah (1:5)

"Ikaw lamang ang sinasamba namin at sa Iyo lamang kami hihingi ng tulong".

Sa ibang dako ng Panghuling Kapahayagan — ang Banal na Kor'an, ang Allah ay nagsabi:

"At ang inyong Panginoon ay nagsasabi: Dumalangin kayo sa Akin at kayo'y Aking didinggin".

*(Surah Mu'min 40:60)*

Mahalagang bigyan ng pansin ang pangunahing mensahe ng Islam na ang Allah at ang Kanyang mga nilikha ay maliwanag na magkaiba sa isa't isa. Ang Allah ay hindi maaaring maging Kanyang nilikha o kaya'y maging bahagi nito, ni ang Kanyang mga

nilikha ay maging Diyos o maging bahagi Niya.

Ito ay sadyang napakalinaw, ngunit ang pagsamba ng tao sa nilikha sa halip ng Lumikha ay kadalasa'y batay sa kamangmangan ng naturang konsepto. Ang paniniwala na ang diwa ng Allah ay naroroon saan mang dako, o kaya'y ang kanyang pagka Diyos ay naroroon o nananatili saanman sa kanyang mga nilikha ay nagbibigay dahilan sa pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng Kanyang mga nilikha. Datapwa't, ang mensahe ng Islam na dinala ng mga propeta ng Allah ay ang pagsamba sa Allah lamang at ang pag-iwas sa pagsamba sa Kanyang mga nilalang maging tuwiran man ito o hindi.

Sa Banal na Kor'an, ang Allah ay maliwanag na nagsasabi:

**"Tunay, Kami ay nagpadalang Sugo** sa bawa't Tao (na nag-uutos), sambahin ang Allah at umiwas sa huwad na diyus-diyosan".

*(Surah Al-Nahl 16:36)*

Kapag tinatanong ang mananampalataya sa diyus-diyosan kung bakit siya yumuyuko sa mga idolo na gawa ng tao, ang kadalasang sagot ay hindi sila tunay na sumasamba sa batong imahen bagkus sa Allah na kumakatawan sa mga ito. Sinasabi nila na ang mga batong imahen na ito ay tampulan lamang ng diwa ng Allah at hindi ito nangangahulugan na sila ay Diyos! Sinuman ang tumanggap sa paniniwala na ang pagka-Diyos ng

Allah ay napapaloob sa ano mang Kanyang nilikha ay mapipilitang tanggapin ang pangangatuwiran ng pagsamba sa diyus-diyosan. Datapwa't ang sinuman na nakakaunawa sa mahalagang mensahe ng Islam at kahulugan nito ay hindi kailanman tatanggapin ang pagsamba sa diyus-diyosan kahit gaano pa ito ipangatwiran.

Ang pag-aangkin ng iba sa pagka-diyos sa kanilang sarili simula pa ng mga unang panahon ay kadalasa'y nakasalalay sa maling paniniwala na ang Allah ay nananahan sa tao. Kailangan nilang igiit, ayon sa kanilang maling haka-haka, na kahit ang Allah ay nananahan sa ating lahat, ang Allah ay higit na nananahan sa kanila. Kaya

naman, gaya ng kanilang pag-aangkin, dapat daw nating isuko ang ating kalooban sa kanila at sambahin sila dahil sila ay diyos sa pagkatao o diyos na nakapisan sa loob ng tao.

Gayon din, ang pagpapakilala nila sa pagkadiyos ng mga iba pagkatapos ng pagkamatay ng mga ito ay **nakatatagpo ng mayamang pastulan** sa mga tumatanggap sa maling paniniwala na ang Allah ay nananahan sa tao. Ang sinumang nakaka-unawa sa mahalagang mensahe ng Islam at sa kahulugan nito ay hindi kailanman sasang-ayon na sumamba sa tao sa ano mang kalagayan. Ang diwa ng relihiyon ng Diyos ay maliwanag ng pagtawag sa pagsamba sa Lumikha at ang pagtakwil sa pagsamba ng ano

mang uri ng nilalang. Ito ang kahulugan ng salawikain sa Islam:

**«Laa Elaaha Illallaah»**
**(Walang diyos maliban sa Allah)**

Ang paulit-ulit na pagbigkas nito ay kusang naghahatid sa sinuman sa ilalim ng relihiyong Islam at ang matapat na paniniwala rito ay may katiyakan sa paraiso. Kaya naman ang pinakahuling Propeta ng Islam ay iniulat na nagsabi, "Ang sinuman na magsabi: Walang diyos maliban sa Allah at namatay na pinanghahawakan **ang paniniwalang yaon ay makapapa**-sok sa paraiso" (iniulat ni Abu Darr at inipon ni Imam Al Bukhaaree at Imam Muslim).

Ito ay kinapapalooban ng pagsuko sa Allah bilang isang Diyos, tumatalima sa Kanya sa pamamgitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos, at ang pagtakwil sa pagsamba ng mga diyus-diyosan.

## ANG MENSAHE NG HUWAD NA RELIHIYON

Maraming sekta, kulto, relihiyon, pilosopiya at kilusan sa daigdig ang nag-aangkin ng tamang landas o ng tanging daan patungo sa Allah. Paano malalaman ng sinuman kung sino ang tama o kung sila kayang lahat ay tama? Ang paraan upang malaman ang kasagutan ay ang pagbibigay liwanag sa mababaw na pagkakaiba sa mga itinuturo ng maraming nag-aangkin sa

tunay na katotohanan, at kilalanin kung ano ang kanilang sinasamba na kanilang itinuturo, tuwiran man o hindi. Ang mga huwad na relihiyon ay may iisang batayan sa pagkakilala sa Allah. Sila ay nagpapahayag na ang lahat ng tao ay diyos o kaya'y may mga natatanging tao na naging Allah o kaya'y ang kalikasan ay ang Allah o kaya'y ang Allah ay isang bungang-isip lamang ng tao.

Kaya naman masasabi natin na ang puntong mensahe ng huwad na relihiyon ay ang pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanyang mga nilikha. Ang mga huwad na relihiyon ay nag-aanyaya sa tao sa pagsamba sa nilikha at tinatawag nilang Allah ang nilikhang ito o kaya'y

bahagi nito. Bilang halimbawa, si Propeta Hesus ay inanyayahan ang kanyang mga tagasunod sa pagsamba sa Allah subali't ang mga taong nagsasabing tagasunod niya ngayon ay nag-aanyaya sa tao na sambahin si Hesus, at nagsasabi na siya ay si Allah!

Si Buddha ay nagsagawa ng maraming pagbabago tungkol sa makataong panuntunan sa relihiyon ng India. Hindi niya inangkin na siya ay Diyos, ni hindi siya nagsabi sa kanyang mga tagasunod na siya'y sambahin. Gayunman hanggang sa mga araw na ito, karamihan sa mga Budismo na matatagpuan sa labas ng India ay tinatanggap siya bilang Diyos at nagpapatirapa sa mga istatwa na

kanilang ginawa sa pagkakilala sa kanyang wangis.

Sa paggamit ng naturang panuntunan na makilala ang paksa ng pagsamba, kapansin – pansin ang huwad na relihiyon at maliwanag ang likas na pinagmulan nito. Gaya ng nasasaad sa banal na Kor'an:

"Ang inyong sinasamba bukod sa Kanya ay mga pangalan na kathang-isip ninyo at ng inyong mga ninuno na hindi ipinadala ng Allah na may kapahintulutan. Ang kautusan ay sa Allah lamang:

Siya ay nag-utos sa inyo na sambahin lamang Siya; Ito ang tunay na relihiyon, subali't karamihan sa tao ay hindi nakaka-unawa"

*(Surah Yoosuf 12:40)*

Maaaring ipangatwiran na lahat ng relihiyon ay nagtuturo ng mabuting bagay, kaya't bakit pa mahalaga kung alin man sa kanila ang sundin. Ang kasagutan dito ay ang lahat ng huwad na relihiyon ay nagtuturo ng pinakamalaking kasalanan: ang pagsamba sa nilikhang bagay. Ang pagsamba sa nilikha ay ang pinakamabigat na kasalanan magagawa ng tao dahil ito ay sumasalungat sa mismong layunin ng kanyang pagkakalikha. Ang tao ay nilikha upang sambahin lamang ang Allah at ito ay maliwanag na sinabi ng Allah sa Banal na Kor'an:

"Aking nilikha lamang ang Jinns at ang Tao upang Ako'y kanilang sambahin" *(Surah Zaareeyaat 51:56)*

Samakatwid, ang pagsamba sa nilikha na nagbibigay diwa sa pagsamba sa diyus-diyosan ay ang tanging kasalanan na hindi mapapatawad. Ang sinuman na namatay sa ganitong uri ng pagsamba ay isinara ang kanyang tadhana sa kabilang buhay. Ito ay hindi haka-haka lamang, bagkus ito ay tunay na ipinahayag sa tao ng Allah sa Kanyang Huling Kapahayagan:

"Katotohanan hindi pinapatawad ng Allah ang pagbibigay ng katambal sa Kanya, subali't Siya ay nagpatawad ng ibang kasalanan bukod dito sa kaninumang Kanyang nais"

*(Surah An-nisaa 4:48, 116)*

## ISLAM: BILANG PANGKALAHATANG MENSAHE

Dahil ang kahihinatnan ng huwad na relihiyon ay napakalubha, ang tunay na relihiyon ng Allah ay dapat na maunawaan at maisagawa ng pandaigdigan at hindi ito naaayon lamang sa isang uri ng tao, pook o panahon. Hindi ito nakasalalay sa ano mang uri ng kondisyon tulad ng pagbibinyag, paniniwala sa tao bilang isang tagapagligtas at iba pa upang ang nananampalataya ay makapasok sa paraiso. Sa pinakabuod na panuntunan ng Islam at sa kahulugan nito, (ang pagsuko sa kalooban ng

sinuman sa Diyos) nakasalalay ang ugat ng pangkalahatan ng Islam. Sa tuwing darating sa tao ang pagka-unawa na ang Allah ay iisa at kaiba sa Kanyang mga nilikha at isuko ang sarili sa Allah, siya ay magiging Muslim sa katawan at sa diwa at siya ay isa sa hinirang na makapasok sa paraiso.

Kaya't ang sinuman sa ano mang panahon kahit sa pinakaliblib na pook ng daigdig ay maaaring maging Muslim, isang tagasunod ng relihiyon ng Diyos, Islam, sa pamamagitan lamang ng pagtakwil sa pagsamba sa nilikha at ibaling ang sarili sa Allah lamang. Gayunpaman, nararapat lamang na bigyan ng pansin na ang pagkilala at pagsuko sa Allah ay

nangangailangan sa sinuman na pumili sa tama at mali at ang pamimiling ito ay nangangahulugan ng pananagutan. Ang tao ay may sagutin sa kanyang pagpili, kaya naman, nararapat lamang gawin niya ang lahat na kanyang makakaya na gumawa ng mabuti at umiwas sa paggawa ng masama. Ang pangunahing paggawa ng mabuti ay ang pagsamba lamang sa Allah. At ang pangunahing paggawa ng masama ay ang pagsamba sa Kanyang nilikha bilang katambal o bilang kapalit Niya. Katunayan, ito ay nasasaad sa Huling Kapahayagan ng ganito:

"Katotohanan, sila na (nagsasabing) naniniwala (sa Banal na Kor'an), at silang mga Hudyo, at mga Kristiano at ang mga Sabiano, sinuman sa kanila

(ang may tamang) pananampalataya sa Allah at sa Huling Araw, at gumagawa ng matuwid, ay matatanggap ang kanilang gantimpala sa kanilang Panginoon. Sa kanila ay walang pagkatakot ni hindi sila malulungkot".

*(Surah Al-Baqarah 2:62)*

"Kung tumupad lamang sila (Hudyo at Kristiano) sa Tawrat (Batas), sa Injeel (Ebanghelyo), at sa lahat ng Kapahayagan na ipinadala sa kanila mula sa kanilang Panginoon, nakamtan sana nila ang kasiyahan mula sa kalangitan at kalupaan. Mayroong pangkat sa kanila na nasa tamang landas, subali't karamihan sa kanila ay sumusunod sa landas na masama". *(Surah Al-Maa'idah 5:69)*

## ANG PAGKAKILALA SA ALLAH

Ang tanong tungkol dito ay ganito: "Paano maaasahan ang lahat ng tao na maniwala sa Allah samantalang sila ay may kanya-kanyang karanasan, lipunan at kultura?" Upang ang tao ay magkaroon ng pananagutan sa pagsamba sa Allah, nararapat lamang na sila'y magkaroon ng daan sa kaalaman tungkol sa Kanya. Ang Huling Kapahayagan ay nagtuturo na ang sangkatauhan ay mayroon pagkakilala sa Allah na nakaukit sa kanilang kaluluwa, isang bahagi ng kanilang kalikasan bilang mga nililkha.

Sa Surah Al-A'raaf (7:172,173); Ang Allah ay nagbigay ng paliwanag nang

likhain Niya si Adan, pinapangyari Niyang bigyan ng buhay ang lahat ng lahi ni Adan at nagtakda ng kasunduan mula sa kanila na nagsasabi: "Hindi ba Ako ang inyong Panginoon" At tungkol dito sila ay nagsisagot, "Oo, kami ay sumasaksi ukol dito". At saka ipinaliwanag ng Allah kung bakit hinayaan niya ang lahat ng sangkatauhan na sumaksi na Siya ang sa kanila'y Lumikha at ang Tanging Tunay na Diyos na nararapat sambahin. Siya ay nagsabi: "Iyon ay kung sakaling kayo (sangkatauhan), pagdating ng Araw ng Paghuhukom, ay magsasabi: 'Tunay, wala kaming kamalayan sa lahat ng ito!'. Na ang ibig sabihin ay wala kaming kaalam-alam na Ikaw ang Allah ay aming Diyos.

Walang nagsabi sa amin na Ikaw lamang ang dapat naming sambahin. Ang Allah ay nagpatuloy na nagpaliwanag, "Iyon ay kung sakali lamang na inyong sabihin: 'Katotohanan, ang aming mga ninuno ay ang mga gumawa ng katambal (sa Allah) at kami lamang ay kanilang mga supling; kami ba'y Iyong parurusahan sa mga ginawa nilang kasinungalingan?"

Kaya ang bawa't bata na isinilang ay mayroong likas na paniniwala sa Allah at mayroon siyang likas na pagnanais na sambahin lamang Siya. Ito ay tinatawag na "Fitrah" sa wikang Arabik. Kung ang bata ay iiwanang mag-isa, siya ay sasamba sa Allah sa kaniyang

sariling kusa, subali't ang lahat ng bata ay naaapektuhan ng mga bagay sa kanilang paligid, nakikita man ito o **hindi. Sinabi ni Propeta Mohammad** (sumakanya nawa ang kapayapaan) na ang Allah ay nagsabi:

"Nilikha Ko ang Aking mga tagapaglingkod sa tamang relihiyon subali't sila'y niligaw ng demonyo". Si **Propeta Mohammad (sumakanya** nawa ang kapayapaan) ay nagsabi rin: "Ang lahat ng sanggol ay isinilang sa kalagayan ng 'Fitrah' nguni't ang kanilang mga magulang ay ginawa silang Hudyo, Kristiano o Zorastriano, katulad ng hayop na nagsilang ng karaniwang supling, nakakita na ba kayo ng anuman na isinilang ng putol-putol"

(Inipon ni Imam Bukhaaree at Imam Muslim)

Kaya't gaya ng bata na sumusuko sa batas na inilagay ng Allah sa kalikasan, ang kanyang kaluluwa ay likas na sumusuko sa dahilang ang Allah ay ang kanyang Panginoon at Lumikha. Subali't ang kanyang mga magulang ay **pinasunod nila sa kanya ang kanilang** pamamaraan at ang bata ay wala pang lakas sa maagang baitang ng kanyang buhay upang labanan o tutulan ang pagnanais ng kanyang mga magulang. Ang relihiyon na sinusunod ng bata sa gayong panahon ay isa lamang kaugaliang kinagisnan at kinalakihan at ang Allah ay hindi nagbibigay sa kanya ng pananagutan o kaparusahan tungkol sa relihiyong ito.

Sa buong buhay ng tao mula sa kanyang kabataan hanggang sa panahon ng kanyang kamatayan, may mga tanda o mga pahiwatig na ibinibigay sa kanya hanggang maging maliwanag na mayroon lamang nag-iisang tunay na Diyos (Allah). Kung ang tao ay tapat sa kanyang sarili, itakwil ang mga huwad na diyos at hanapin ang Allah, ang landas ay magiging magaan sa kanya.

Subali't kung siya ay magpatuloy na itakwil ang mga tanda mula sa Diyos at magpatuloy na sumamba sa nilalang, ay lalong higit na mahirap upang siya ay makawala sa maling pananampalataya. Halimbawa, sa dakong timog-silangan ng gubat ng Amazon sa Brazil, timog ng America, isang tribo ang

nagtayo ng bagong templo ng kanilang pangunahing idolo na si Skwatch, na sa kanilang paniniwala ay kumakatawan ng kataas-taasang Diyos ng lahat ng nilikha. Nang sumunod na araw isang binata ang pumasok sa templo upang magbigay galang sa kanilang diyos. Habang siya ay nakatirapa, isang mabaho at gusgusing aso ang pumasok sa templo. Nang ang binata ay tumingala sa kanyang pagkakatira-pa ay tamang-tamang nakita niya ang aso na iniihian ang idolo. Sa matinding galit, hinabol ng binata ang aso palabas sa templo. Subali't nang ang kanyang galit ay mapawi, kanyang naisip na ang idolo ay hindi nararapat na maging Panginoon ng sanlibutan. Ang Allah ay nararapat lamang na nasa ibang pook. Siya ngayon ay mayroon ng

pagpipilian upang kumilos ayon sa kanyang talino at hanapin ang Allah, o maging sinungaling sa sarili at manatili sa huwad na paniniwala ng kanyang tribo. Kahit na ito ay tila kataka-taka, ito ay isang palatandaan mula sa Allah para sa binata. Napapaloob doon ang isang banal na patnubay na ang kanyang sinasamba ay huwad.

Gaya ng nasabi sa una, ang mga **Propeta ay isinugo sa lahat ng bansa at** tribo upang patotohanan ang likas na paniniwala ng tao sa Allah at sa likas na pagnanais ng tao upang sumamba sa Kanya. Gayundin upang pagtibayin ang mga banal na patnubay sa mga pang-araw-araw na tanda na ipinapahayag ng Allah. Kahit na ang **mga pangaral ng mga Propeta ay**

kadalasa'y sinira, ang ilang bahagi ay nananatili na nagpapakita ng tama sa mali. Halimbawa, ang sampung utos sa Torah ay pinatutunayan sa Ebanghelyo. Gaya rin ng mga umiiral na batas sa maraming lipunan laban sa krimen, pagnanakaw at pakikiapid.

Dahil dito, ang bawa't kaluluwa ay may tungkulin sa kanyang paniniwala sa Allah at sa kanyang pagtanggap sa relihiyong Islam; ang buong pagsuko sa kalooban ng Allah.

Tayo ay manalangin sa Allah, ang Kataastaasan, na panatiliin tayo sa tamang landas na kung saan tayo ay Kanyang binigyan ng patnubay. At igawad sa atin ang Kanyang mga Biyaya, Siya ang tunay na Pinakamaawain. Ang lahat ng

pagpupuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng Sanlibutan. Nawa'y ang Kapayapaan at Biyaya ay **mapasa kay Propeta Mohammad, sa** kanyang angkan, sa kanyang mga kasamahan at sa lahat ng tao na sumusunod sa kanila sa tamang landas.

# هــذا الكتــاب

**يتناول هذا الكتاب :**

* شـرحـاً مـوجـزاً للدين الإسـلامـي ، وأنـه الدين الصـحـيح الذي لا يقـبل الله ديـناً سواه.
* اسـتـعـراض الأديان والمبـاديء الأخـرى وبيان بطلانها.
* حقيقة عيسى وأمه عليهما السلام.
* عـالمية الدين الإسـلامي والحكمـة في خلق الثقلين.

# الدين الصحيح

تاليف

أبو أمينة - بلال فليبس

٣٧
جالوج

# الدين الصحيح

تأليف

أبو أمينة - بلال فليبس



المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات
بالعليا والسليمانية وشمال الرياض

مطبعة النرجس- ت: ٢٣١٦٦٥٣ ف: ٢٣١٦٨٦٦

ISBN: 9960-798-09-7